Department of Education

GOVERNMENT OF WESTERN AUSTRALIA

Shaping the future

# Hello Kindergarten




CC BY

# Pagkilala

**Aming kinikilala at nirerespeto ang tradisyonal na mga tagapag-alaga ng mga lupain at katubigan kung saan ang mga estudyante natin ay naninirahan at tinuturuan sa buong Western Australia.**

Kinikilala at nauunawaan namin na ang mga Elder, magulang, pamilya at komunidad ang mga unang tagapagturo ng kanilang mga anak at kinikilala at pinahahalagahan namin ang mga kultura at lakas na dinadala ng mga batang Aborihinal sa silid-aralan. Ang mga taong Aborihinal ay may mahabang tradisyon ng pagtuturo at pag-aaral sa pamamagitan ng pagbabahagi ng kanilang mga koneksyon sa bansa, komunidad, wika at kultura, at sa pamamagitan ng kanilang mga pasalitang kasaysayan, mga kuwento at mga karanasan na ipinasa mula sa henerasyon hanggang sa henerasyon.

Kinikilala at pinahahalagahan namin ang pag-aaral na dinadala ng mga batang Aborihinal mula sa kanilang mga tahanan at komunidad papunta sa silid-aralan.

Ang salitang Aborihinal ay nangangahulugang Aborihinal, Aborihinal at Torres Strait Islander, at Indigenous. Kapag tinutukoy ang mga indibidwal, gamitin ang terminong Aborihinal na tao.

AISWA
Association of Independent Schools of Western Australia

CATHOLIC EDUCATION
WESTERN AUSTRALIA

TRIM: D22/0714308
ISBN: 9780730746713

© Department of Education
Western Australia 2022

**Department of Education**
151 Royal Street
East Perth WA 6004
9264 4111
**education.wa.edu.au**

Ang materyal na ito ay makukuha kapag hiniling sa naaangkop na mga alternatibong format.

CC BY

# Ano ang nilalaman

Ang pagsisimula ng kindergarten ay isang kapana-panabik at mahalagang transisyon para sa inyo at sa inyong anak! Dinisenyo ang buklet na ito upang makatulong na gawing masaya at positibo ang simula ng maagang pag-aaral ng inyong anak.

Makakakita kayo ng mga praktikal na payo upang matulungan kayo at ang inyong pamilya na maghanda para sa kindergarten, kasama ang impormasyon tungkol sa kung ano ang matututunan ng inyong anak at kung paano niyo sila masusuportahan sa kanilang paglalakbay sa pag-aaral.

# Kailan maaaring magsimula ang aking anak?

Sa Western Australia, lahat ng bata ay maaaring ma-access ang 15 oras ng kindergarten bawat linggo (30 oras bawat dalawang linggo), saanman sila nakatira sa estado (state). Ang pagpasok sa kindergarten ay naghahanda sa mga bata para sa Pre-primary, ang unang taon ng full-time na paaralan.

Dapat ay 4 na taong gulang na ang inyong anak pagsapit ng Hunyo 30 sa taong nagsimula sila sa kindergarten - nangangahulugan ito na ang ilang mga bata ay magsisimula sa kindergarten na may edad na 3 taong gulang at magiging 4 na taong gulang habang sila ay nasa kindergarten.

### Buwan ng kaarawan ng anak ninyo

**Enero hanggang Hunyo**
3 taong gulang, magiging 4 na taong gulang: Magsimula sa kindergarten

**Hulyo hanggang Disyembre**
4 na taong gulang, magiging 5 taong gulang: Magsimula sa kindergarten

### Calculator ng edad ng pagpasok sa paaralan

education.wa.edu.au/enrolling-in-school



CC BY

# Bago magsimula

**Bilang unang guro ng anak niyo, ang papel na inyong gaganapin ay mahalaga. Maraming mahahalagang bagay ang natututunan ng mga bata bago sila magsimulang pumasok sa paaralan.**

Anuman ang kanilang kakayahan o yugto ng pag-unlad, dinadala ng inyong anak ang lahat ng kanilang kasalukuyang natutunan at mga natatanging karanasan kapag nagsimula sila sa kindergarten - sa kindergarten, dinadagdagan nila ang natutunang ito upang hubugin ang pundasyon para sa kanilang paglalakbay sa edukasyon.

Ang ideya ng pagsisimula ng kindergarten ay maaaring medyo nakakatakot para sa ilang mga magulang at pamilya. Ang inyong batang maliit ay lumalaki na! Ang Kindergarten ay isang panahon kung saan ang inyong anak ay magkakaroon ng maraming kasiyahan kasama ang ibang mga bata at matututo ng maraming bagong bagay na tutulong sa kanya na maging makumpiyansa at masigasig na mag-aaral.


Ang inyong sigasig at paghihikayat ay makakatulong sa inyong anak na mapalagay sa paaralan. Kausapin ang inyong anak tungkol sa nararamdaman niya tungkol sa pagsisimula ng kindergarten - maaari itong maging kapana-panabik at medyo nakakatakot. Ang pagbabahagi ng inyong mga sariling alaala ng paaralan ay makakatulong sa inyong anak na maging mas makumpiyansa sa pagsisimula sa kindergarten. Kahit na nagkaroon na kayo ng ilang mahihirap na karanasan, ibahagi sa inyong anak ang ilan sa mga masasaya ninyong alaala, tulad ng pagkakaroon ng mga bagong kaibigan.

# Paghahanda

## Ano ang kailangan ng inyong anak



**Isang bag**



**Isang sumbrero**



**Isang lalagyan ng tubig**



**Isang lunchbox** na may tanghalian at kaunting meryenda



**Pamalit ng damit** Isama ang mga medyas at damit panloob

Magtanong sa inyong paaralan o kindergarten sa komunidad kung ano pa ang maaaring kailanganin ng inyong anak.

## Kilalanin ang guro

Mahalagang makilala ninyo ang guro ng inyong anak. Maikukuwento ng guro kung ano ang nangyayari sa araw at masasagutan ang anumang mga tanong na maaaring mayroon kayo tungkol sa pagsisimula ng inyong anak sa kindergarten. Pagkakataon na rin ito para makilala kayo ng guro at malaman kung ano ang alam ng inyong anak, at kung paano pinakamahusay na suportahan siya.

Maraming paaralan ang nagsasagawa ng mga oryentasyong sesyon para sa mga pamilya bago magsimula ang taon ng pag-aaral. Magandang pagkakataon ito para makilala ninyo ang guro at ang mga ibang pamilya at malaman kung ano ang nakaplano para sa taon.

Ang mga pamilyang may lahing Aboriginal at Torres Strait Islander ay sinusuportahan ng mga Aboriginal at Islander Education Officer sa mga pampublikong paaralan; ang katulad na suporta ay maaaring ibigay sa mga paaralang hindi pampamahalaan. Maaari ring makipag-ayos ang mga pamilya sa paaralan na gumamit ng interpreter kapag nakikipagpulong sa guro. Kung kinakailangan, ang paaralan o kindergarten ng komunidad ay maaaring magsaayos na magkaroon ng isang interpreter sa mga pakikipagpulong sa guro para sa mga pamilyang nagsasalita ng Ingles bilang karagdagang diyalekto.



CC BY

# Mga pang-araw-araw na karaniwang gawain

## Pagbibihis

Maaari o maaaring hindi kailanganin ng anak ninyo ng uniporme Ang kaginhawahan ay mahalaga kaya suotan sila ng mga praktikal na damit at komportableng sapatos. Ang makalat na paglalaro ay bahagi ng pag-aaral sa kindergarten at kaya asahan ang kaunting dumi, pintura o pati ang pandikit (glue) na uuwi kasama ang inyong anak sa pagtatapos ng araw.

Magandang ideya na magsanay sa pagbibihis bago ang unang araw – kung kaya ng inyong anak na magbihis at maghubad nang mag-isa, magiging mas madali ang paghahanda.

Hikayatin ang inyong anak na magsuot ng sumbrero kapag nasa labas siya, dahil kakailanganin niyang magsuot nito kapag naglalaro siya sa labas sa kindergarten.

Tandaan na lagyan ng label ang damit, lunchbox, sumbrero, bag at sapatos ng inyong anak. Magkakaroon ng isang kahon ng nawawalang ari-arian sa kindergarten.

## Pagbiyahe papunta sa kindergarten

Napakaraming paraan para makapunta sa kindergarten. Paano man ninyo napiling makapunta roon, siguruhin na ligtas ang inyong anak.



### Paglalakad

- Kausapin ang anak ninyo kung bakit niya kailangang humawak sa kamay kapag malapit sa mga kalye at trapiko.
- Imodelo ang ligtas na pag-uugali ng pedestrian sa pamamagitan ng pagsunod sa mga patakaran ng trapiko, mga karatula sa kalye at pumili ng mga ligtas na lugar kung saan tatawid.



### Pagmamaneho

- Laging ligtas na ikabit ang seatbelt ng inyong anak at siguruhin na lagi siyang nagsusuot ng aprubadong pamigil para sa bata sa loob ng kotse.
- Inirerekomenda na gamitin ang pinto ng pasahero sa likod, na pinakamalapit sa gilid ng daan at malayo sa trapiko – sa pagpasok at pagbaba sa kotse ng iyong anak.



### Pagbibisikleta, paghatak at pag-scooter

- Siguraduhing ang lahat ay nakasuot ng helmet at saradong sapatos, kahit na sila ay nasa bike trailer o bike seat.
- Maging tularang modelo ng ligtas na pag-uugali sa pagbibisikleta sa pamamagitan ng pananatili sa kaliwa at paggamit ng inyong bell upang ipaalam sa mga tao na parating kayo.

**Itanong sa inyong paaralan o guro sa kindergarten ng komunidad kung ano ang mga pamamaraan ng paghatid at pagsundo.**



CC BY

# Pag-aaral

**Sa kindergarten, natututo ang mga bata sa pamamagitan ng paglalaro – ang kanilang pag-aaral ay nabubuo sa kung ano ang kanilang natutunan sa bahay at sa iba pang mga kapaligiran.**

Ang mga programa sa pag-aaral sa mga unang taon ay hinuhubog ng limang kinalabasan ng Early Years Learning Framework at Mga Patnubay sa Kindergarten Curriculum ng WA:


- ang mga bata ay may matatag na pag-unawa ng pagkakakilanlan
- ang mga bata ay konektado at nag-aambag sa kanilang mundo
- ang mga bata ay may matatag na pag-unawa ng kagalingan
- ang mga bata ay makumpiyansa at nakaugnay na mag-aaral
- ang mga bata ay mabibisang nakikipagkomunikasyon

Ang mga guro sa kindergarten ay tumutugon sa mga ideya at paglalaro ng mga bata kapag nagpaplano ng mga aktibidad sa pag-aaral.

## Makakaranas ang inyong anak ng maraming iba't ibang aktibidad sa pag-aaral.



**Pagpipinta, pagguhit, paggupit at pagdikit**



**Mga puzzle at konstruksiyong paglalaro**



**Paggalugad ng mga libro, pakikinig sa mga kuwento at pagkukuwento**



**Pagsasalita at pakikinig**



**Pagbibihis at ma-imahinasyong paglalaro**



**Pagkanta, pakikinig sa at pagtugtog ng musika**



**Pagsasayaw at drama**



**Pag-akyat, pagbalanse, pagtakbo at pagtalon**



**Paggamit ng mga digital na teknolohiya**



**Paglalaro ng clay, play dough, buhangin at tubig**



**Mga oportunidad para magbahagi sa ibang bata at bumuo ng independensiya**

## Pagsuporta sa pag-aaral ng inyong anak

Pinakamahusay na natututo ang mga bata kapag nagtutulungan ang mga magulang, pamilya at guro. Mas kilala niyo ang inyong anak kaysa sinuman – ang pagbabahagi ng impormasyon tungkol sa mga interes at kakayahan ng inyong anak sa kanilang guro ay nakakatulong sa inyong anak na masulit ang kindergarten.

Ang mga batang may pagkaantala sa pag-unlad o kapansanan ay bahagi ng magkakaibang grupo ng mga mag-aaral na dumadalo sa mga programa sa kindergarten.


Ang pakikipagtulungan ng mga kawani, pamilya at iba pang ahensya (tulad ng mga tagapagbigay ng therapy) ay maaaring maging kapaki-pakinabang, dahil ang mga batang may pagkaantala sa pag-unlad o kapansanan ay nangangailangan ng karagdagang pagpaplano at suporta.

Maraming kindergarten ang nagbibigay ng mga pagkakataon para sa mga magulang at tagapag-alaga na magboluntaryo bilang mga helper (tagatulong). Ang pagboboluntaryo ay nagbibigay sa inyo ng mas malalim na pag-unawa sa karanasan ng inyong anak sa kindergarten at isang pagkakataon na makilala ang ibang mga magulang. Hinihikayat din ng ilang kindergarten ang mga magulang na kumonekta sa isa't isa online, halimbawa, sa pamamagitan ng social media o isang app.

### Maraming paraan para suportahan ang inyong anak sa kindergarten.



**Kausapin ang inyong anak araw-araw** tungkol sa kung ano ang kanyang ginawa – nakakatulong ito na gumawa ng mga koneksyon sa pagitan ng tahanan at paaralan at nagpapakita na kayo ay interesado sa kanya at sa kung ano ang kanyang ginagawa.



**Ang paglalaro sa labas**, halimbawa, sa mga palaruan, ay tumutulong sa inyong anak na lumakas at maging makumpiyansa at ginagamit ang bahagi ng utak na tumutulong sa kanya na tumutok at lumutas ng problema.



**Ang pagbabasa ng mga libro nang magkasama** ay nakakatulong sa inyong anak na malaman na ang mga nakasulat na salita ay may kahulugan at maaaring magbigay ng maraming kasiyahan. Nakakatulong ito sa kanya na matuto tungkol sa pagbabasa at pagsusulat.



**Ang pag-awit, paggawa ng musika at pagsasayaw** ay nakakatulong sa inyong anak na paunlarin ang kanyang memorya at ipahayag ang kanyang mga damdamin.



**Pagbuo ng mga bagay** – gamit ang mga laruan, buhangin, karton, natural na materyales – ay tumutulong sa inyong anak na mapaunlad ang kanyang fine motor skills, maging malikhain at lumutas ng problema.



**Ang mapanlikhang paglalaro**, tulad ng paglalaro ng tinda-tindahanan, ay nakakatulong sa inyong anak na matutong makisama sa iba, magbahagi, at magpalitan. Nagsasanay din siya sa pagsasalita at simpleng matematika tulad ng pagbilang at pag-uuri.

CC BY

# Pananatiling malusog

**Ang malusog na katawan ay tumutulong sa inyong anak na maging pinakamahusay niyang sarili, araw-araw.**

### Pagtulog

Siguruhin na sapat ang pagtulog ng inyong anak. Magkaroon ng regular na karaniwang ginagawa sa pag-wind down at oras ng pagtulog.

### Almusal

Ang pagkakaroon ng masustansyang almusal ay naghahanda sa inyong anak para sa araw – mahirap para sa mga bata na matuto nang walang laman ang tiyan.

### Lunchbox

Mag-pack ng masustansyang pagkain sa lunchbox na alam ninyong magugustuhan at kakainin ng inyong anak. Tulungan ang inyong anak na matutunan kung paano balatan ang kanilang pagkain at kainin ito nang mag-isa.

### Pagbabakuna

Ang iskedyul ng pagbabakuna ng inyong anak ay kailangang napapanahon (angkop sa kanilang edad at anumang limitasyon ng kundisyong medikal) para makapasok sila sa kindergarten. Makipag-usap sa guro ng paaralan o kindergarten ng komunidad kung wala kayo ng mga talaang ito at matutulungan nila kayo.

### Pagsasanay sa paggamit ng palikuran (toilet)

Tulungan ang inyong anak na pamahalaan ang pagpunta sa palikuran nang mag-isa sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanya ng maraming pagsasanay upang buksan, hilahing pababa at ayusing muli ang kanyang damit, gumamit ng toilet paper, mag-flush ng inidoro at maghugas ng kanyang mga kamay nang mag-isa.

### Medikal

Kung ang inyong anak ay may anumang mga allergy/mga pangangailangang medikal, dapat ninyong ipaalam sa guro upang makagawa ng plano upang pamahalaan ang mga ito.

**Magsisimula ang mga bata sa paaralan na may iba't ibang antas ng mga kasanayan sa pangangalaga sa sarili. Dagdagan ang mga kasalukuyang kakayahan ng inyong anak upang itaguyod ang kalayaan at pakikilahok.**

## Ano ang gagawin kung may sakit ang inyong anak

Gusto nating lahat na manatiling malusog at maayos ang ating mga anak upang matuto sila sa abot ng kanilang makakaya.

Kung may sakit ang inyong anak, mahalagang panatilihin siya sa bahay o ayusin ang alternatibong pangangalaga para sa kanya para sa kaligtasan ng lahat.

Kung pinananatili ninyo ang inyong anak sa bahay dahil sa pagkakasakit, kakailanganin niyong ipaalam sa kindergarten sa pamamagitan ng telepono, text message o email.

Kung magkasakit ang inyong anak sa araw, makikipag-ugnayan sa inyo ang kindergarten at hihilingin na iuwi ninyo ang inyong anak. Para sa kadahilanang ito, mahalagang panatilihin ninyong updated ang mga detalye sa pakikipag-ugnayan sa emergency ng iyong anak sa kanilang kindergarten.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kalusugan ng inyong anak, bisitahin ang WA Health o magpatingin sa doktor ng iyong anak. HealthyWA.wa.gov.au

# Ang taon ng inyong anak

## Mahalagang pumasok araw-araw

Ang regular na pagpasok sa kindergarten ay nakakatulong sa inyong anak na madagdagan ang kanyang natututunan araw-araw. Ang pagbuo ng pag-uugaling regular na pagpasok sa paaralan ay mahalaga upang hindi makaligtaan ng inyong anak ang mahahalagang ideya at kasanayan na kailangan niya para sa pag-aaral sa hinaharap. Ang hindi pagpasok sa kindergarten ay nangangahulugan na mababawasan ang pag-aaral at mga aktibidad ng inyong anak kasama ang kanyang mga kaibigan.

### Makakatulong kayo sa pamamagitan ng:

- positibong pagsasalita tungkol sa kindergarten para maging masaya ang anak ninyong pumasok bawat araw
- pagtatakda ng mga petsa ng paglalaro para matulungan ang anak ninyong makabuo ng pakikipagkaibigan
- pagdating sa at pagsundo sa anak ninyo mula sa paaralan nang nasa oras
- hangga't maaari, makipag-appointment sa mga doktor, dentista at mga espesyalista matapos ang paaralan o sa mga holiday ng paaralan
- isabay ang  pagho-holiday ng pamilya sa mga holiday sa paaralan at hindi sa panahong may pasok.

Kausapin ang guro ng anak ninyo o punong-guro ng paaralan kung ang anak ninyo ay ayaw pumasok sa kindergarten.

## Pag-aalaga sa inyong anak sa labas ng oras ng kindergarten

Karaniwang natatapos ang araw ng mga bata sa kindergarten ng 3:00 ng hapon. subalit, nagbabago ang mga oras.

Kung kailangan ninyo ng pag-aalaga para sa inyong anak bago o pagkatapos ng kindergarten, maaari ninyong ma-access ang Outside School Hours Care (OSHC). Ang inyong paaralan/kindergarten ng komunidad ay may higit pang mga detalye tungkol sa OSHC sa lugar.

## Suporta sa pagiging magulang

Umuunlad ang mga bata kapag sila ay pinalaki sa isang kapaligirang mapang-alaga. Ang Triple P – Positive Parenting Program ay nagbibigay sa lahat ng mga magulang ng simple, praktikal na mga istratehiya para tumulong na magpalaki ng masaya at makumpiyansang bata.

### 5 hakbang sa positibong pagiging magulang

1. Lumikha ng ligtas, kaaya-ayang kapaligiran
2. Magkaroon ng positibong kapaligiran sa pag-aaral
3. Gumamit ng mapanindigang disiplina
4. Magkaroon ng mga makatotohanang inaasahan
5. Alagaan ang sarili ninyo bilang magulang

Magtanong sa paaralan ninyo tungkol sa pagrehistro para sa libreng Triple P seminar o malaman ang higit pa sa:
triplep-parenting.net.au/wa.



CC BY

## Hanapin ang tamang tao para sagutin ang inyong mga tanong

Kung mayroon kayong tanong tungkol sa karanasan ng inyong anak sa kindergarten, magsimula sa pagtatanong sa guro ng inyong anak. Maaari ding tugunan ng mga punong-guro ng paaralan ang mga tanong o alalahanin na maaaring mayroon kayo tungkol sa programa sa kindergarten, inyong anak o kawani.

Ang lahat ng mga bata, anuman ang kanilang kakayahan o yugto ng pag-unlad ay may natatanging lakas, interes at kakayahang matuto. Bilang mga magulang at tagapag-alaga, mas kilala ninyo ang inyong anak kaysa sinuman, at ang pagbabahagi ng inyong kaalaman sa mga lakas at pangangailangan ng inyong anak ay makakatulong sa pagtatakda ng mga kundisyon para matagumpay na makalahok ang inyong anak sa kindergarten.

Ang kultura at wika ng mga bata at ng kanilang mga pamilya ay pinahahalagahan at iginagalang. Ang kasanayan sa unang wika ay sumusuporta sa pangkalahatang pag-aaral at ang pag-aaral ng ibang wika o diyalekto, kaya mahalaga na mapanatili ang wika sa tahanan. Kung ang iyong anak ay nagsasalita ng ibang wika maliban sa Ingles sa bahay, mahalagang ipaalam sa guro upang matugunan ang kanyang mga pangangailangan sa pag-aaral.

Kung nagsasalita kayo ng ibang wika at hindi bihasa sa Ingles, tanungin ang guro ng inyong anak tungkol sa paggamit ng interpreter kapag nagpupulong upang talakayin ang kanyang pag-unlad, magtanong o magbahagi ng mga alalahanin na maaaring mayroon kayo. Karamihan sa mga paaralan ay nagbibigay ng hanay ng mga dokumentong isinalin sa iba't ibang wika – tingnan ang website ng inyong paaralan o magtanong sa inyong paaralan/kindergarten ng komunidad.

## Mga kapaki-pakinabang na website

**Department of Education WA**
education.wa.edu.au

**AISWA - Association of Independent Schools of Western Australia**
ais.wa.edu.au

**CEWA - Catholic Education WA**
cewa.edu.au

**Community Kindergartens**
communitykindys.org.au

**HealthyWA – Iskedyul ng imunisasyon sa pagkabata**
healthywa.wa.gov.au/Articles/A_E/Childhood-immunisation-schedule

**Triple P – Positive Parenting Program**
triplep-parenting.net.au/au-uken/find-help/triple-p-parenting-in-western-australia

**Child and Adolescent Health Service**
cahs.health.wa.gov.au

**Raising Children Network**
raisingchildren.net.au

**Reimagine Australia (suporta para sa mga batang may pagkaantala sa pag-unlad o kapansanan)**
reimagine.org.au

**Early Years Learning Framework**
acecqa.gov.au/sites/default/files/2020-05/belonging_being_and_becoming_the_early_years_learning_framework_for_australia.pdf

**Mga Patnubay sa Kindergarten Curriculum**
k10outline.scsa.wa.edu.au/media/documents/outline_downloads/Western-Australian-Kindergarten-Curriculum-Guidelines-pdf.pdf



CC BY